- Ano ang maidudulot para sa mga batang nagmula sa bansang hindi nagsasalita ng Inggles
- Nagdudulot ba ng pagkain
- Ano ang mangyayari kapag nahuli ka ng pagsundo sa bata
- Maari bang dumalaw at magsubaybay ang mga magulang
- Paano makakakuha ng tagasalin kapag hindi nakapagsasalita ng mahusay na Inggles
- Ang iyong pangangailangan at ano ang inaasahan mong uri ng pag-aalaga sa iyong anak
- Kung hindi mo nais na sumali ang iyong anak sa anumang palatuntunan
- Kung matutugunan ang mga pangangailangan hinggil sa kultura, pananalita o relihiyon
- Paano makikisapi sa pamamalakad ng pangkomunidad na lunduyan ng pag-aalaga ng bata.

### Pananamit

Kadalasan sa paglalaro, madaling marumihan ang damit ng mga bata kaya magpadala karagdagang damit.

Kung kayo'y may mga katanungan tungkol sa kalusugan at kaligtasan ng inyong mga anak, ipaalam sa mga tagapangasiwa, sila'y handa ring tumulong sa inyo.

### Pag-aalaga ng bata sa Australia

Ang pamamalakad sa pag-aalaga ng bata sa Australia ay maaaring iba kaysa bansang inyong pinagmulan.

uunlad ang kakayahan at sariling paggalang ng mga bata sa pamamagitan ng paglalaro at iba pang palatuntunan tulad ng:

- Pagpipinta
- Paglutas ng larong suliranin (puzzles)
- Laruang pagbubuo
- Pagdidikit ng papel
- Musika
- Pagbabasa ng aklat
- Paghuhugis ng masa (play dough)
- Paglalaro ng kahoy
- Pakikinig ng kuwento
- Paglalaro ng tubig at buhangin at iba pang larong panlabas (outdoors)

Ang mga bata ay matututo ng mga bagong kakayahan at lalakas ang kanilang katawan at koordinasyon sa paggamit ng pinsel (brush), daliri, kamay at paa.

Sa paglalaro ng tubig, uunlad ang kanilang kakayahan sa paggamit ng mata at kamay.

Habang naglalaro, ang kanilang kakayahan sa pananalita ay uunlad at matututong mag-isip na mabuti.

### Saan makakahingi ng tulong

Para sa karagdagang kaalaman, makipag-ugnay sa:

Sentrong Dulugan ng Mandarayuhan
(Migrant Resource Centre),
Lunduyan ng Kapakanan (Welfare Centre),

Sentro ng Kalusugang Pangkomunidad
(Community Health Centre),
Pangkomunidad na Paglinglingkod na bahagi ng inyong Konsehong Pampook,

Pangkat ng Ikauunlad sa Pag-aalaga ng Bata (Ethnic Child Care Development Unit)

o:

Sa Kagawaran ng Kalusugan, Pabahay at Paglinglingkod na Pangkomunidad (Dept. of Health, Housing and Community Services)
in Sydney: **(008) 048998** ito ay libreng tawag,

Tagasaling Paglilingkod sa Pamamagitan ng Telepono sa:
Sydney: **(02) 221 1111**

Metropolitan NSW: **(008) 112477**

M PRESS
02 568 3844
AUGUST 1991

Federal Department of Health, Housing and Community Services

TAGALOG

AUSTRALIA
An Australian Government Initiative for Ethnic Families

# PAG-AALAGA NG BATA: KAMI'Y TUMUTULONG

(CHILD CARE: WE HELP)



# TAGALOG (FILIPINO)